ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 12| December 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

# PAGBASA AT PAGNINILAY: ISANG KWALITATIBONG PAGSUSURI SA MENSAHE NG ALEGORYA NG KWEBA

**Jhona Aimee B. Malate, Portillo Garry**
*Leyte Normal University, Tacloban City, Leyte, Philippines*

**Article DOI:** https://doi.org/10.36713/epra25140
**DOI No: 10.36713/epra25140**

## INTRODUKSYON

Ang *Alegorya ng Kweba* ay isa sa pinakatanyag na akda ng pilosopong si Plato, na hanggang sa kasalukuyan ay patuloy na pinag-aaralan sa iba't ibang larangan ng karunungan gaya ng pilosopiya, edukasyon, panitikan, at sikolohiya. Inilalarawan sa akda na ang ilang tao ay buong buhay na nakakulong sa loob ng isang kweba, nakagapos, at ang tanging nakikita ay mga aninong nililikha ng apoy sa kanilang likuran. Para sa kanila, ang mga aninong ito ang katotohanan. Ngunit nang may isa sa kanila na nakalaya at nakalabas sa kweba, natuklasan niyang may mas tunay na daigdig sa labas puno ng liwanag, kulay, at kaalaman. Ang kwentong ito ay sumasagisag sa paglalakbay ng tao mula sa kamangmangan patungo sa kaliwanagan, at sa proseso ng paghahanap ng katotohanan at pag-unlad ng kamalayan (Hall, 1980; Mouroutsou, 2011).

Sa konteksto ng patuloy na pag-unlad ng kaisipan at kamalayan ng tao, itinuturing ng mananaliksik na ang *Alegorya ng Kweba* ni Plato ay nananatiling makabuluhan at napapanahon. Ang pagpili sa paksang ito ay bunga ng layunin na maipakita kung paanong ang mga pilosopikal na akda ay maaaring magbigay-liwanag sa pag-unawa ng tao hinggil sa katotohanan, edukasyon, at lipunan. Itinuturing ng mananaliksik na ang pagtalakay sa alegorya ay hindi lamang isang akademikong pag-aaral, kundi isang paglalakbay tungo sa mas malalim na pagninilay sa buhay at pagkamulat sa mga realidad ng mundo. Sa ganitong pananaw, isinagawa ang pananaliksik upang suriin hindi lamang ang nilalaman ng akda, kundi pati ang mga mensahe at simbolismong taglay nito, na maaaring magsilbing inspirasyon at motibasyon lalo na sa mga mag-aaral na patuloy na naghahanap ng mas mataas na antas ng pag-unawa.

Ayon kina Gurung at Rai (2024), ang alegorya ni Plato ay kumakatawan sa mga ilusyon at imahe na naglilimita sa pagtingin ng tao sa katotohanan. Ipinapakita nito na kung ang tao ay mananatiling walang pagninilay at pag-unawa, siya ay patuloy na mabubuhay sa kadiliman ng kamangmangan. Pinatutunayan din nina Airoboman at Osawaru (2019) na ang alegorya ay may malaking implikasyon sa makabagong panahon, sapagkat sumasalamin ito sa karanasan ng modernong lipunan na hinahamon ng teknolohiya, maling impormasyon, at kababawan ng pagtingin sa mga bagay. Sa pananaw naman nina Zamosc (2017) at Peterson (2017), ang alegorya ay hindi lamang kwento ng pagkamulat, kundi isang paanyaya sa bawat indibidwal na suriin ang kanilang moral at intelektwal na kamalayan.

Sa pag-aaral na ito, tinitingnan ng mananaliksik ang *Alegorya ng Kweba* bilang isang teksto na humahamon sa mga mambabasa na magnilay sa sarili at sa lipunan. Batay sa obserbasyon ni Tzoupis (2024), ang aktibong pagbasa sa alegorya ay nagiging daan upang makapagmuni ang tao sa kanyang pag-iral, tungkulin, at pananagutan sa katotohanan. Sa ganitong diwa, layunin ng pag-aaral na ito na tuklasin kung paano binibigyang-kahulugan ng mga mambabasa ang mga simbolismo ng kweba, ng mga anino, at ng liwanag bilang mga representasyon ng kanilang sariling karanasan sa pag-unawa at pagkamulat.

Ipinapakita ng mga pag-aaral nina Hosle (2020) at César (2020) na ang alegorya ay nagsasalarawan ng mga yugto ng moral at intelektwal na pag-angat ng tao. Gayundin, ayon kina Zhang (2021) at Ferro (2022), ito ay may malaking implikasyon sa modernong edukasyon dahil nagsisilbi itong instrumento ng *transformational learning* isang proseso ng pagkatuto kung saan natututo ang tao hindi lamang ng impormasyon, kundi ng bagong pananaw sa buhay at katotohanan. Dagdag pa rito, ipinakita ni Amenu-El (2019) na ang paggamit ng mga alegoryang tulad ng kay Plato sa pagtuturo ay epektibong paraan upang maipakita sa mga mag-aaral ang halaga ng pagninilay at pagbubukas ng isip sa mas malalalim na ideya.

Sa kabuuan, naniniwala ang mananaliksik na ang pagbasa ng mga akdang pampilosopiya tulad ng *Alegorya ng Kweba* ay hindi lamang dapat ituring bilang intelektwal na gawain, kundi bilang mahalagang proseso ng paglinang ng kamalayan at pagpapalalim ng pag-unawa sa sarili at lipunan. Ipinapakita ng akda na ang tao ay may kakayahang lampasan ang kamangmangan sa pamamagitan ng patuloy na pagkatuto at pagninilay. Tulad ng binanggit ni Buckle (2007), ang kweba ay hindi lamang larawan ng kadiliman, kundi isang simbolo ng paglalakbay ng tao tungo sa kaliwanagan at pagkatotoo. Sa ganitong pananaw, ang pananaliksik na ito ay nagsisilbing paanyaya na muling tuklasin ang kahalagahan ng pagbasa at pagninilay bilang daan tungo sa makabuluhang edukasyon at makataong pag-unlad.

### Pahayag ng Suliranin

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong maunawaan at masuri nang mas malalim ang mga mensahe at simbolismong nakapaloob sa *Alegorya ng Kweba* ni Plato sa pamamagitan ng kwalitatibong pagbasa at pagninilay. Nais nitong tuklasin kung paanong ang pilosopikal na akdang ito ay nakapaghahatid ng mahahalagang pananaw hinggil sa kaalaman, kamangmangan, kalayaan, at edukasyon sa konteksto ng makabagong lipunan.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 12| December 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Upang maisakatuparan ito, ang pag-aaral ay nakatuon sa mga sumusunod na suliranin:

1. Ano ang mga demograpikong katangian ng mga kalahok sa pag-aaral batay sa;
   1.1 edad
   1.2 kasarian
   1.3 antas ng edukasyon at
   1.4 karanasan sa pagbabasa ng mga akdang pampilosopiya?
2. Ano ang mga pangunahing tema at mensahe na matutukoy mula sa *Alegorya ng Kweba* batay sa pagbasa at pagninilay ng mga kalahok?
3. Paano binibigyang-kahulugan ng mga kalahok ang mga simbolismo sa akda gaya ng kadiliman, liwanag, at mga anino bilang representasyon ng kamangmangan at karunungan?
4. Sa anong paraan nauugnay ng mga kalahok ang mga mensahe ng Alegorya ng Kweba sa kanilang karanasan bilang mga mag-aaral, guro, o mambabasang Pilipino sa makabagong panahon?
5. Ano ang mga implikasyon ng mga natuklasang mensahe ng Alegorya ng Kweba sa pagpapalalim ng kritikal na pag-iisip, pagninilay, at kamalayang pang-edukasyon ng mga mag-aaral?

## PARAAN NG PANANALIKSIK (METHODS)

**Pamamaraan sa Layunin**

Isasagawa ang pag-aaral sa pamamagitan ng kwalitatibong disenyo ng pananaliksik sapagkat ito ang pinakaangkop na pamamaraan upang maunawaan ang masalimuot na mensahe at simbolismo ng *Alegorya ng Kweba* batay sa malalim na pagninilay at interpretasyon ng mga kalahok. Pipiliin ang disenyong ito dahil layunin ng pag-aaral na hindi lamang sukatin o bilangin ang datos, kundi siyasatin at ipaliwanag ang mga karanasan, pananaw, at kaisipang nabubuo sa proseso ng pagbasa at pagninilay. Sa pamamagitan ng pamamaraang ito, inaasahang malilinang ang mas malalim na pag-unawa sa ugnayan ng teksto at ng mambabasa, gayundin sa kung paanong ang kanilang interpretasyon ay naimpluwensyahan ng kanilang karanasan at pananaw sa buhay. Ang ganitong diskarte ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng kahulugan kaysa bilang, at nagbibigay ng mas mayaman at mas makahulugang datos para sa pagsusuri.

**Sampling**

Gagamitin sa pag-aaral ang purposive sampling upang mapili ang mga kalahok na may kakayahang magbigay ng makabuluhang pananaw hinggil sa pagbasa at interpretasyon ng *Alegorya ng Kweba*. Pipiliin ang mga kalahok na may sapat na kaalaman sa panitikan at pilosopiya, partikular ang mga mag-aaral sa antas tersyarya o mga guro sa asignaturang Filipino, sapagkat sila ang may kakayahang makapagbigay ng malalim na pagninilay sa nilalaman ng akda. Ang purposive sampling ay naaangkop sa pag-aaral na ito dahil nakatuon ito sa kalidad at lalim ng datos kaysa sa dami ng mga kalahok. Sa ganitong paraan, inaasahang makakalap ang mga sagot na may kabuluhan, may lalim ng pagninilay, at higit na makatutulong sa pagpapaliwanag ng mga tema at simbolismong nakapaloob sa akda ni Plato.

**Instrumentong Gagamitin**

Gagamit ng semi-structured interview guide na magsisilbing pangunahing instrumento sa pangangalap ng datos. Bubuuin ang gabay sa panayam ng mga bukas na tanong na magpapahintulot sa mga kalahok na magpahayag ng kanilang sariling interpretasyon, karanasan, at pagninilay sa pagbasa ng *Alegorya ng Kweba.* Pinili ang ganitong uri ng instrumento sapagkat nagbibigay ito ng sapat na balangkas upang manatiling nakatuon ang panayam sa layunin ng pag-aaral, habang binibigyang-kalayaan ang mga kalahok na ipahayag ang kanilang pananaw sa malaya at malikhain na paraan. Ang paggamit ng semi-structured interview ay inaasahang makapagbibigay ng masinsinang datos na makatutulong upang maipakita ang ugnayan ng karanasan ng mambabasa at ng pilosopikal na mensahe ng akda.

**Hakbangin at Plano sa Pagsusuri**

Ang mga nakuhang datos mula sa panayam ay isasailalim sa tematikong pagsusuri (thematic analysis) upang matukoy ang mga pangunahing tema, ideya, at pattern ng pagninilay na lilitaw mula sa mga sagot ng mga kalahok. Una, isasagawa ang transkripsyon ng mga panayam upang matiyak ang katumpakan ng datos. Susundan ito ng pagbasa at pagbabalik-basa sa mga transkrip upang makilala ang mga paulit-ulit na konsepto at simbolismong binigyang-diin ng mga kalahok. Pagkatapos, bubuuin ang mga kategorya at tema batay sa mga ugnayan at pagkakatulad ng kanilang interpretasyon. Pinili ang pamamaraang ito sapagkat nagbibigay ito ng kakayahang mag-analisa ng mga karanasang subhetibo at pagninilay sa isang sistematikong paraan. Sa pamamagitan nito, inaasahang mabubuo ang isang malinaw na interpretatibong paglalarawan sa mensahe ng *Alegorya ng Kweba* at sa epekto nito sa pag-unlad ng kamalayan ng mga mambabasa.

**Hakbanging Etikal**

Bago simulan ang pananaliksik, hihingiin muna ang pahintulot ng mga kalahok sa pamamagitan ng informed consent form upang matiyak ang kanilang boluntaryong paglahok. Ipaaalam sa kanila ang layunin ng pag-aaral, ang mga uri ng tanong na itatanong, at kung paano gagamitin ang kanilang mga sagot. Tinitiyak na ang lahat ng impormasyon na ibabahagi ay mananatiling kumpidensyal at gagamitin lamang para sa layunin ng akademikong pananaliksik. Hindi rin babanggitin ang tunay na pangalan ng mga kalahok; sa halip, gagamit ng mga kodigo upang mapanatili ang kanilang pagkakakilanlan. Ang etikal na hakbanging ito ay pinili upang matiyak na ang pag-aaral ay maisasagawa sa paraang may paggalang sa karapatan, dignidad, at pribadong impormasyon ng bawat kalahok. Sa ganitong paraan, magiging makatao, makatarungan, at etikal ang buong proseso ng pananaliksik.

**Resulta at Talakayan**

Ang bahaging ito ay naglalahad ng mga resulta at talakayan ng pananaliksik hinggil sa pagbasa at pagninilay ng mga kalahok sa Alegorya ng Kweba ni Plato. Batay sa isinagawang panayam, nakabuo ang mananaliksik ng mga temang sumasagot sa mga tiyak na suliranin ng pag-aaral. Ang bawat tema ay nilinang sa pamamagitan ng tematikong pagsusuri na kinapapalooban ng mga sipi mula sa mga kalahok at malalim

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 12| December 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

na interpretasyon batay sa teoretikal at pilosopikal na konteksto ng akda.

**Tema 1: Demograpikong Katangian ng mga Kalahok at ang Kanilang Karanasan sa Pagbasa ng Akdang Pilosopikal**

Ang mga kalahok sa pag-aaral ay binubuo ng siyam (9) na indibidwal na nagmula sa iba't ibang antas ng edukasyon at propesyon. Karamihan sa kanila ay mga mag-aaral sa kolehiyo, samantalang dalawa ay mga guro sa asignaturang Filipino at Humanidades. Ang kanilang karanasan sa pagbabasa ng mga akdang pilosopikal ay nagkakaiba-iba, may ilan na unang nakabasa ng Alegorya ng Kweba sa paaralan, habang ang iba ay nakadiskubre nito sa kanilang personal na interes sa pagninilay at pilosopiya.

> Ayon kay Kalahok #1, "Natutunan kong basahin ang Alegorya ng Kweba noong ituro ito sa aming klase sa Pilosopiya, at doon ko unang naintindihan na hindi lahat ng nakikita ay totoo." Dagdag pa ni Kalahok #2, "Noong una, mahirap intindihin ang mga simbolo ni Plato, pero habang inuulit-ulit ko, mas lalo kong naramdaman na para sa atin din pala ito." Ayon naman kay Kalahok #3, "Ang pagbabasa ng ganitong akda ay nakakatulong para mas lumalim ang pag-unawa ko hindi lang sa mga ideya kundi sa sarili ko rin." Binanggit ni Kalahok #4, "Bilang guro, itinuturo ko ito hindi lang para ipaliwanag ang simbolismo kundi para maipakita sa mga estudyante na ang karunungan ay proseso."

> Samantalang ayon kay Kalahok #5, "Naging inspirasyon sa akin ang alegorya dahil napaisip ako sa halaga ng edukasyon sa pagpapalaya sa isip." Sinabi ni Kalahok #6, "Nabasa ko ito noong senior high pa ako at bumalik ako rito sa kolehiyo kasi gusto kong maintindihan pa nang mas malalim." Para naman kay Kalahok #7, "Ang mga akdang pilosopikal tulad nito ay parang salamin ng karanasan, lalo na kung naghahanap ka ng kahulugan sa mga bagay." Ibinahagi ni Kalahok #8, "Bilang guro, ginagamit ko ito sa klase para turuan silang magtanong at hindi lang sumagot." At ayon kay Kalahok #9, "Natutunan kong hindi sapat ang pagbabasa lang; kailangan mong magnilay para maunawaan talaga."

Ipinapakita ng mga tugon ng mga kalahok na ang pagbabasa ng *Alegorya ng Kweba* ay hindi lamang simpleng pag-aaral ng isang teksto kundi isang makabuluhang karanasang humuhubog sa kamalayan at pananaw ng mambabasa. Ibinahagi ng mga kalahok ang iba't ibang pagtingin: may mga nakakita rito bilang salamin ng katotohanan, simbolo ng edukasyon, at daan sa pagkakaroon ng mas malalim na pag-unawa sa sarili at sa lipunan. Ang mga guro ay tiningnan ito bilang kasangkapan sa pagtuturo ng kritikal na pag-iisip at pagtanong, samantalang ang mga mag-aaral ay nakatuon sa personal na pagninilay at pagkilala sa tunay na kahulugan ng karunungan. Kaayon ito ng pananaw nina Zhang (2021) at Ferro (2022) na ang mga pilosopikal na akda ay epektibong kasangkapan sa *transformational learning* sapagkat hinahamon nito ang mambabasa na suriin ang sariling paniniwala at karanasan. Sa kabuuan, ipinapakita ng mga pahayag na ang pagbabasa ng *Alegorya ng Kweba* ay isang proseso ng intelektwal at moral na pagkamulat, isang paglalakbay ng paglabas mula sa "kweba" ng kamangmangan tungo sa liwanag ng karunungan at mas mataas na antas ng pag-unawa.

**Tema 2: Mga Pangunahing Tema at Mensahe ng Alegorya ng Kweba**

Lahat ng kalahok ay nagpatibay sa mensahe ng Alegorya ng Kweba bilang isang paanyaya sa pagkamulat sa katotohanan at paghahangad ng kaliwanagan sa gitna ng kamangmangan. Para sa kanila, ang alegorya ay hindi lamang metaporikal na kwento kundi isang repleksyon ng karanasan ng bawat tao sa pagtuklas ng katotohanan.

> Ayon kay Kalahok #1, "Ang pangunahing mensahe ng alegorya ay pagkamulat, ang paglalakbay mula sa ilusyon patungo sa katotohanan." Sinabi naman ni Kalahok #2, "Tulad ng mga taong nakakulong sa kweba, marami rin sa atin ang nasasanay sa kasinungalingan dahil iyon lang ang nakikita." Dagdag ni Kalahok #3, "Ang paglabas sa kweba ay simbolo ng edukasyon; doon mo lang makikita ang liwanag ng pag-unawa." Binanggit ni Kalahok #4, "Ang tema nito ay pagnanais ng tao na maabot ang kabutihan at katotohanan kahit mahirap."

> Ayon kay Kalahok #5, "Mahalagang mensahe ng akda ang pagtulong sa iba para rin silang mamulat." Para kay Kalahok #6, "Ang pagkamulat ay hindi biglaan; dumarating ito kapag handa ka nang tumanggap ng bagong pananaw." Samantala, sinabi ni Kalahok #7, "Ang alegorya ay nagsisilbing paalala na huwag manirahan sa kadiliman ng kawalang-malay." Dagdag ni Kalahok #8, "Bilang guro, nakikita ko ang sarili ko bilang gabay na tumutulong sa iba na makita ang liwanag." At ayon kay Kalahok #9, "Ang pagkamulat ay isang proseso ng pagtanggap, pagtutol, at sa huli, pag-unawa."

Ang interpretasyon ng mga kalahok ay nagpapakita na ang pangunahing mensahe ng *Alegorya ng Kweba* ay nakasentro sa ideya ng pagkamulat at paghahangad ng katotohanan sa gitna ng kamangmangan. Batay sa kanilang mga pahayag, ang paglalakbay ng taong nakakulong sa kweba ay sumisimbolo sa pag-alis mula sa ilusyon at pagtanggap sa realidad sa pamamagitan ng edukasyon, karanasan, at malayang pag-iisip. Ipinunto ng ilan na ang kaliwanagan ay hindi agad-agad dumarating, kundi bunga ng proseso ng pagtanggap at pag-unawa sa bagong pananaw, samantalang ang iba ay naniniwalang tungkulin ng mga nakakita ng liwanag na tulungan ang iba upang sila rin ay mamulat. Ang mga pananaw na ito ay kaayon ng ideya nina Hall (1980) at Gurung at Rai (2024) na ang alegorya ni Plato ay kumakatawan sa paglalakbay ng tao mula sa ilusyon patungo sa katotohanan. Sa kabuuan, ipinapakita ng mga tugon na ang pagbasa ng alegorya ay hindi lamang isang intelektwal na gawain kundi isang moral at espiritwal na paglalakbay tungo sa mas malalim na pag-unawa sa realidad, lalo na sa panahon ngayon na ang impormasyon at kasinungalingan ay madalas magkahalo.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 12| December 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

**Tema 3: Pagpapakahulugan ng mga Simbolismo ng Kadiliman, Liwanag, at Anino**

Sa pagsusuri ng mga sagot ng kalahok, lumitaw na ang mga simbolo ng kadiliman, liwanag, at mga anino ay may malalim na interpretasyon na tumatalima sa kanilang sariling karanasan sa edukasyon at lipunan.

> Ayon kay Kalahok #1, "Ang kadiliman ay kamangmangan, at ang liwanag ay karunungan na nagmumula sa pagkatuto." Binanggit ni Kalahok #2, "Ang mga anino ay mga ilusyon ng katotohanan, parang mga maling balita na pinaniniwalaan ng marami." Ayon kay Kalahok #3, "Ang liwanag ay masakit sa simula dahil mahirap tanggapin ang totoo." Dagdag ni Kalahok #4, "Ang kadiliman ay hindi lang kawalan ng kaalaman kundi pagpili na manatili roon."
>
> Sinabi ni Kalahok #5, "Ang mga anino ay mga huwad na ideya na binubuo ng lipunan." Para kay Kalahok #6, "Ang liwanag ay edukasyon, ito ang nagbibigay direksyon sa isip ng tao." Ibinahagi ni Kalahok #7, "Ang mga anino ay mga maling paniniwalang nakasanayan, kaya mahirap talikuran." Ayon kay Kalahok #8, "Ang kadiliman ay kawalan ng kakayahang magnilay; ang liwanag ay bunga ng kaalaman." At dagdag ni Kalahok #9, "Ang mga anino ay mababaw na kaalaman, at ang liwanag ay simbolo ng masusing pagninilay."

Ang mga paliwanag na ito ay nagpapakita na ang mga kalahok ay nagtataglay ng masusing pag-unawa sa mga simbolismong taglay ng *Alegorya ng Kweba* bilang pagsasalarawan ng iba't ibang yugto ng kamalayan ng tao. Kaayon ng pananaw nina Hosle (2020) at César (2020), malinaw sa kanila na ang alegorya ay hindi lamang tungkol sa pisikal na paglabas mula sa kweba kundi sa moral at intelektwal na kaliwanagan na dumarating kapag ang isang tao ay natutong mag-isip nang malaya at kritikal. Sa konteksto ng mga kalahok, ang edukasyon ang itinuturing nilang "liwanag" na nagbibigay ng pag-unawa at direksyon, samantalang ang maling impormasyon, kamangmangan, at kakulangan sa kritikal na pag-iisip ay inihahalintulad nila sa mga "anino" at "kadiliman" na humahadlang sa tunay na pagkamulat. Ang ganitong pagpapakahulugan ay nagpapakita ng kanilang kamalayan sa mga hamon ng makabagong lipunan, partikular sa panahon ng mabilis na pagkalat ng impormasyon, kung saan kinakailangang lumabas ang tao mula sa mga ilusyon upang tunay na makita at maunawaan ang katotohanan.

**Tema 4: Kaugnayan ng Alegorya ng Kweba sa Personal at Panlipunang Karanasan**

Lumitaw sa mga tugon ng lahat ng kalahok na ang Alegorya ng Kweba ay may matibay na kaugnayan sa kanilang personal na karanasan sa buhay, edukasyon, at lipunan.

> Ayon kay Kalahok #1, "Naranasan kong mamulat sa katotohanan, noon, kontento ako sa mga alam ko, pero unti-unti kong naintindihan na kailangan ko pang matuto." Sinabi ni Kalahok #2, "Ang alegorya ay parang pagharap sa sarili kong takot na magbago." Dagdag ni Kalahok #3, "Nakita ko ang sarili kong estudyante sa mga nakakulong sa kweba takot lumabas pero sabik din matuto." Para kay Kalahok #4, "Bilang guro, responsibilidad kong tulungan silang makita ang liwanag, pero kasabay niyon, natututo rin ako."
>
> Ayon kay Kalahok #5, "Ang edukasyon ay paglabas sa kweba, isang hakbang tungo sa pagbabago ng pananaw." Sinabi ni Kalahok #6, "Ang paglabas sa kweba ay tulad ng pagtanggap ng kritisismo, mahirap pero nakapagpapalaya." Binanggit ni Kalahok #7, "Ang alegorya ay salamin ng realidad marami sa atin ang takot sa liwanag kasi nasasanay sa dilim." Idinagdag ni Kalahok #8, "Nakikita ko ang alegorya bilang patunay na ang guro ay gabay lang; ang estudyante pa rin ang lalabas sa sarili niyang kweba." Ayon kay Kalahok #9, "Ang aking karanasan bilang tagapagturo ay nagturo sa akin na ang liwanag ay hindi agad naibibigay kailangan munang buksan ng estudyante ang sarili."

Ang mga tugon ng kalahok ay malinaw na nagpapakita ng proseso ng reflective learning, kung saan ang pag-unawa sa alegorya ay hindi lamang teoretikal kundi direktang nauugnay sa kanilang personal at propesyonal na karanasan. Ipinapakita nito na ang pagbasa at interpretasyon ng Alegorya ng Kweba ay nagiging isang mabisang instrumento para sa introspeksyon at pagninilay sa sariling buhay at tungkulin sa lipunan. Kaayon ng pananaw ni Tzoupis (2024), ang aktibong pagbasa sa alegorya ay humihikayat sa mga indibidwal na suriin ang kanilang sariling pag-iisip, paniniwala, at pananaw sa katotohanan, na nagreresulta sa mas malalim na pagkaunawa sa mga etikal at intelektwal na dimensyon ng kanilang pagkatao. Sa ganitong konteksto, ang Alegorya ng Kweba ay nagsisilbing salamin ng kanilang paglalakbay mula sa kamangmangan patungo sa kamalayan, isang proseso ng paglago na hindi lamang pangkaalaman kundi pati na rin pangkarakter. Ang karanasang ito ay nagbubukas ng oportunidad para sa kolektibong pagkatuto, kung saan ang bawat kalahok ay natututo hindi lamang mula sa sariling karanasan kundi pati na rin mula sa perspektibo ng iba, na nagpapalalim sa kanilang etikal at intelektwal na pag-unlad sa konteksto ng edukasyon.

**Tema 5: Implikasyon ng Alegorya sa Kritikal na Pag-iisip at Pagninilay**

Isa sa pinakamahalagang temang lumitaw sa pananaliksik ay ang implikasyon ng Alegorya ng Kweba sa paglinang ng kritikal na pag-iisip at malalim na pagninilay ng mga kalahok.

> Ayon kay Kalahok #1, "Mas natutunan kong huwag agad maniwala sa nakikita, kailangan ng pagninilay bago humusga." Pinatotohanan ito ni Kalahok #2 na nagsabing, "Ang pagbasa ng alegorya ay nagturo sa akin na magtanong at huwag maging bulag sa katotohanan." Dagdag ni Kalahok #3, "Naging mas mapanuri ako sa mga ideya parang gusto kong palaging alamin kung ano ang nasa likod ng sinasabi." Para kay Kalahok #4, "Ang pagtuturo nito ay nagturo rin sa akin ng kababaang-loob sa kaalaman."
>
> Sinabi ni Kalahok #5, "Ang pagbasa ng alegorya ay parang pagtuklas ng sarili mong limitasyon." Ayon kay Kalahok #6, "Mas naging maingat ako sa aking mga opinyon; natutunan kong suriin muna bago maniwala." Idinagdag ni Kalahok #7, "Tinuruan akong huwag matakot magduda,

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 12| December 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

kasi doon nagsisimula ang tunay na pagkatuto." Sinabi ni Kalahok #8, "Bilang guro, nakikita ko na dapat ko ring hayaan silang mag-isip, hindi lang sundin." At ayon kay Kalahok #9, "Ang tunay na kaliwanagan ay kapag natututo kang tanggapin na wala kang alam, pero handa kang matuto."

Ang mga pahayag na ito ay nagpapatunay na ang Alegorya ng Kweba ay isang mabisang kasangkapan sa paglinang ng kritikal na kamalayan, alinsunod sa mga pananaw nina Amenu-El (2019) at Gurung at Rai (2024). Ipinapakita ng mga kalahok na ang proseso ng pagninilay ay higit pa sa simpleng pag-iisip; ito ay isang masalimuot na moral at intelektwal na gawain kung saan tinatanggap at sinusuri ang katotohanan sa sariling karanasan at sa konteksto ng lipunan. Ang ganitong uri ng pagkamalay ay may malaking kahalagahan sa makabagong edukasyon, dahil hinihikayat nito ang parehong guro at mag-aaral na sama-samang lumabas mula sa "kweba ng kamangmangan" patungo sa liwanag ng mas malalim na pag-unawa at kaalaman. Sa ganitong paraan, ang Alegorya ng Kweba ay hindi lamang teoretikal na simbolo kundi aktibong instrumento sa paghubog ng kritikal, etikal, at intelektwal na kapasidad ng mga indibidwal, na nagbibigay-diin sa kahalagahan ng refleksyon, kolaborasyon, at pagbabahagi ng pananaw sa proseso ng pagkatuto.

**Konklusyon**

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, malinaw na ang Alegorya ng Kweba ni Plato ay patuloy na naglalaman ng makabuluhang aral para sa mga mag-aaral at guro hinggil sa ugnayan ng karunungan, kamalayan, at pagninilay. Ipinapakita nito na ang akdang pilosopikal ay hindi lamang teoretikal na teksto, kundi isang salamin ng karanasan ng tao sa paglalakbay mula sa kadiliman ng kamangmangan patungo sa liwanag ng pag-unawa. Sa pamamagitan ng pagbasa at interpretasyon ng alegorya, napatunayan ng mga kalahok na nagkakaroon sila ng mas malalim na kritikal na pag-iisip, kababaang-loob sa pagkatuto, at moral na responsibilidad sa paghahanap ng katotohanan. Ipinapakita rin ng kanilang karanasan na ang edukasyon ay higit pa sa simpleng pagkuha ng impormasyon; ito ay isang proseso ng pagbabago, isang patuloy na paglalakbay ng isipan at damdamin, kung saan ang bawat hakbang patungo sa kaalaman ay nagdudulot ng personal at intelektwal na paglago. Sa ganitong perspektibo, ang alegorya ay nagsisilbing gabay na nagbibigay-linaw sa kahalagahan ng pagtitiyaga, pagninilay, at aktibong partisipasyon sa proseso ng pagkatuto.

Sa makabagong konteksto ng edukasyon, lalo na sa panahon ng teknolohiya at mabilis na sirkulasyon ng impormasyon, pinapaalala ng Alegorya ng Kweba ang kahalagahan ng kritikal na pagninilay at pagsusuri. Tulad ng ipinakita ng mga kalahok, kailangan ng bawat indibidwal na maging mapanuri sa mga "anino" ng maling impormasyon, labis na pinadaling datos, at mababaw na kaalaman na madaling tanggapin nang hindi sinusuri. Ang tunay na liwanag, o ganap na pag-unawa, ay makakamtan lamang sa pamamagitan ng masusing pag-aaral na may layuning unawain ang katotohanan at hindi lamang alamin ito nang mekanikal. Sa ganitong konteksto, ang pagbasa ng pilosopikal na teksto ay nananatiling napakahalaga, sapagkat hinuhubog nito ang makataong kamalayan at moral na kapasidad ng mga mag-aaral. Pinapakita ng akda ni Plato na ang karunungan ay hindi kusang dumarating; ito ay bunga ng masinsinang pagninilay, pagsasabuhay, at patuloy na paghahanap ng kaalaman at katotohanan.

**Rekomendasyon**

Batay sa mga resulta at konklusyon ng pag-aaral, mariing inirerekomenda ng mananaliksik ang patuloy na paggamit ng mga pilosopikal na akda tulad ng Alegorya ng Kweba sa pagtuturo ng asignaturang Filipino, Panitikan, at Pilosopiya. Ang ganitong pamamaraan ay makatutulong sa masusing paghubog ng kritikal na pag-iisip, refleksyon, at moral na pagpapasya ng mga mag-aaral. Iminumungkahi rin na ang mga guro ay magsagawa ng mga interaktibong talakayan, case study, at reflektibong gawain upang higit na mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga simbolismo at mensahe ng akda. Sa halip na limitahan ang pagtuturo sa simpleng pagbasa at pagsasaulo, ang ganitong pedagogical approach ay magtuturo sa mga mag-aaral na magsuri, magtanong, at magmuni-muni sa mga realidad ng lipunan at sa sarili nilang pagkatuto, na nagreresulta sa mas makabuluhang karanasan sa edukasyon.

Inirerekomenda rin na palawakin pa ang pag-aaral sa pamamagitan ng paghahambing ng interpretasyon ng mga mambabasa mula sa iba't ibang disiplina, antas ng edukasyon, o kultural na konteksto. Maaari ring isagawa ang pananaliksik hinggil sa epekto ng pagbasa ng mga pilosopikal na akda sa moral, emosyonal, at intelektwal na pag-unlad ng kabataan. Sa ganitong paraan, maipagpapatuloy ang layunin ng pananaliksik na gamitin ang pilosopiya hindi lamang bilang teorya ng pag-iisip kundi bilang praktikal na gabay sa pamumuhay at edukasyon sa makabagong panahon. Sa kabuuan, ang ganitong rekomendasyon ay naglalayong itaguyod ang edukasyong nagbubukas ng kamalayan, nagpapalalim ng pagninilay, at humuhubog sa kabuuang kakayahan ng mag-aaral bilang responsableng indibidwal sa lipunan.

## MGA SANGGUNIAN

1. *Airoboman, F. A., & Osawaru, M. C. O. (2019). Ang Alegorya ng Kweba ni Plato at ang mga Implikasyon Nito sa Makabagong Pamumuhay. Pandaigdigang Journal ng Polac sa Humanidades at mga Pag-aaral sa Seguridad, 4(1), 55–66.*
2. *Amenu-El, R. A. (2019). Pagsusuri sa Transpormatibong Pagkatuto Gamit ang Alegorya ng Kweba ni Plato sa mga Mag-aaral ng Community College: Isang Kwalitatibong Pag-aaral (Disertasyong Doktoral, Capella University).*
3. *Buckle, S. (2007). Sina Descartes, Plato, at ang Kweba. Pilosopiya, 82(320), 301–337. Nakuha mula sa JSTOR: https://www.jstor.org/stable/40345475*
4. *César, C. C. (2020). Si Plato at ang Alegorya ng Kweba: Isang Interpretasyong Nagsisimula sa mga Pandiwang Tumutukoy sa Kaalaman. Scholae: Pagsusuri sa Pilosopiya ng Sinaunang Panahon at Klasikong Tradisyon, 14(2), 431–447.*
5. *Ferro, B. (2022). Mga Tanikala at mga Anino. Sa Serye ng mga Pag-aaral sa Pilosopiya. Springer. https://doi.org/10.1007/978-3-030-90405-0_4*
6. *Gurung, R. K., & Rai, R. P. (2024). Pagsusuri ng mga Ilusyon at Imahe sa Alegorya ng Kweba ni Plato. Interdisiplinaryong Journal ng RR, 5(5), 47–55.*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 12| December 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

7. *Hall, D. (1980). Pagbibigay-Kahulugan sa Kweba ni Plato bilang Alegorya ng Kalagayan ng Tao. Apeiron: Isang Journal ng Sinaunang Pilosopiya at Agham, 14(2), 74–90.*
8. *Hosle, P. (2020). Ang Alegorya ng Kweba, ang Pagtatapos ng Republic, at ang mga Yugto ng Moral na Kaliwanagan. Philologus: Journal ng Klasikong Panitikan at Pilosopiya, 164(1), 66–82. https://doi.org/10.1515/phil-2020-0103*
9. *Mouroutsou, G. (2011). Ang Alegorya ng Kweba: Ang Pangangailangan ng Pagbaba ng Isang Pilosopo. Journal ng Pilosopikal na Pagsusuri sa Klasikong Panitikan.*
10. *Peterson, V. V. (2017). Ang Alegorya ng Kweba ni Plato: Pagbasa, Pagkatuto, at "Ang Kabutihan." Repaso ng Komunikasyon, 17(4), 273–287.*
11. *Tzoupis, D. (2024). Pamumuhay sa Loob o Labas ng Kweba ni Plato: Aktibong Pagbasa ng Isang Klasyikal na Alegorya at ang mga Paggamit Nito sa Pansarili at Panlipunang Pagninilay. Journal ng Pilosopiya at Panlipunang Pagninilay.*
12. *Zamosc, G. (2017). Ang Pampulitikang Kabuluhan ng Alegorya ng Kweba ni Plato. Ideas y Valores: Journal ng Pilosopiya, 66(165), 237–265.*
13. *Zhang, F. (2021). Ang Implikasyon ng Alegorya ng Kweba sa Makabagong Edukasyon. Mga Tala sa Lektura sa Edukasyon, Sikolohiya, at Pampublikong Midya. https://doi.org/10.54254/lnep.iceipi.2021238*